# ITINATANGGI NG BIBLIYA ANG PAGKA-DIYOS NI HESUS (BAHAGI 3 NG 7): SI HESUS AY HINDI 'ANG PINAKA-MAKAPANGYARIHAN', AT HINDI 'ANG PINAKA-NAKAKAALAM'

**Marka:**

**Paglalarawan?:** Ang Bibliya ay malinaw na nagpapakitang si Hesus ay hindi "pinaka-Makapangyarihan' sa lahat at 'pinaka-nakakaalam sa lahat'" na katangian ng Tunay na Diyos.

**Kategorya:** Mga Artikulo Paghahambing ng Relihiyon Hesus

**Ni:** Shabir Ally

**Nailathala noong:** 24 Aug 2020
**Huling binago noong:** 17 Dec 2007



Ang mga Kristiyano at mga Muslim ay sumasang-ayon na ang Diyos ang Pinakamakapangyarihan sa lahat at ang Pinaka-Nakakaalam. Ang mga Ebanghelyo ay nagpapakita na si Hesus ay hindi pinaka-makapangyarihan, at hindi nakakaalam sa lahat, dahil mayroon siyang mga limitasyon.

Sinasabi sa atin sa Marcos sa kanyang ebanghelyo na si Hesus ay hindi makakagawa ng anumang makapangyarihang gawa sa kaniyang pamayanan liban na lamang sa ilang bagay: **"At hindi siya nakagawa doon ng anumang makapangyarihang gawa, liban sa ipinatong niya ang kaniyang mga kamay sa ilang mga maysakit, at pinagaling sila." (Marcos 6:5)**. Sinasabi rin sa atin sa Marcos na noong subukan ni Hesus na pagalingin ang bulag na lalaki, hindi gumaling ang lalaki sa unang subok niya, at kinailangang ulitin ni Hesus sa pangalawang beses (tingnan sa Marcos 8:22-26).

Samakatuwid, kahit tayo ay may malaking pagmamahal at pagrespeto kay Hesus, kailangan nating maunawaan na siya'y hindi ang Diyos na Pinaka-Makapangyarihan sa lahat.

Ang Ebanghelyo ni Marcos ay nagpapahayag din na si Hesus ay may limitasyon sa kanyang kaalaman. Sa Marcos 13:32, ipinaalam ni Hesus na siya mismo ay hindi nakakaalam kung kailan magaganap ang huling araw, kundi ang Ama lamang ang nakakaalam noon (tignan rin ang Mateo 24:36).

Samakatuwid, hindi maaaring si Hesus ang Diyos na Pinaka-Nakakalam sa lahat. Sasabihin ng ilan na alam ni Hesus kung kailan darating ang huling araw, ngunit pinili

niyang huwag sabihin. Ngunit iyan ay higit na nagpapakumplikado lamang. Maaari namang sabihin ni Hesus na alam niya ngunit ayaw niyang sabihin. Sa halip, sinabi niya na hindi niya alam. Dapat tayong maniwala sa kanya. Si Hesus ay hindi kailanman nagsisinungaling.

Inihayag din ng Ebanghelyo ni Lucas na may limitadong kaalaman si Hesus. Sinabi ni Lucas na nadagdagan ang kaalaman ni Hesus (Lucas 2:52). Gayundin sa Mga Hebreo (Mga Hebreo 5:8) ating mababasa na natutunan ni Hesus ang pagiging masunurin. Ngunit ang kaalaman at karunungan ng Diyos ay palaging perpekto, at hindi natututo ng mga bagong bagay ang Diyos. Alam niya ang lahat ng bagay sa lahat ng oras. Kaya't kung may natutunang bago si Hesus, nagpapatunay ito na hindi niya nalalaman ang lahat bago pa yaon, at dahil diyan siya ay hindi Diyos.

Isa pang halimbawa na limitado ang kaalaman ni Hesus ay ang kwento ng puno ng igos sa mga Ebanghelyo. Sinasabi satin sa Marcos ang sumusunod**: “Kinabukasan, nang dumating sila mula sa Betania ay nagutom siya. At pagkatanaw niya sa malayo ng isang puno ng igos na may mga dahon, lumapit siya upang tingnan kung may matatagpuan siya roon. At nang siya'y makalapit doon, wala siyang natagpuang anuman kundi mga dahon, sapagkat hindi pa panahon ng mga igos.” (Marcos 11:12-13)**.

Malinaw sa mga talatang ito na ang kaalaman ni Hesus ay limitado sa dalawang punto. Una, hindi niya alam na ang puno ay walang bunga hanggang sa siya ay magtungo roon. Pangalawa, hindi niya alam na hindi pa yaon ang tamang panahon ng pamumunga na may aasahang bunga ng igos sa puno.

Maari ba siyang maging Diyos kalaunan? Hindi! Dahil mayroon lamang nag-iisang Diyos, at Siya ay Diyos na mula sa walang hanggan at hanggang sa walang hanggan (tingnan sa Mga Awit 90:2).

Maaring may magsabi na si Hesus ay Diyos ngunit pinili niya ang katayuan ng pagiging isang lingkod at samakatuwid siya'y naging limitado. Buweno, mangangahulugan ito na nagbago ang Diyos. Ngunit ang Diyos ay hindi nagbabago. Gayun ang sinabi ng Diyos ayon sa Malakias 3:6.

Hindi kailanman naging Diyos si Hesus, at hindi mangyayari kailanman. Ayon sa bibliya, inihayag ng Diyos: **"Walang ibang Diyos na nauna sa akin, at wala ring Diyos na susunod pa sa akin." (Isaias 43:10).**

Ang web address ng artikulong ito:

https://www.islamreligion.com/index.php/tl/articles/667/itinatanggi-ng-bibliya-ang-pagka-diyos-ni-hesus-bahagi-3-ng-7

Copyright © 2006-2020. Lahat ng mga karapatan ay inilaan. © 2006 - 2023 IslamReligion.com. Lahat ng mga karapatan ay inilaan.